


Paglutas ng Tunggalian ng Iba't Ibang Pamamaraan ng Pangingisda sa Baybay-Dagat

Ian R. Smith
Daniel Pauly

Translated from English
by Jose Ma. F. Bartolome



**Paglutas ng Tunggalian ng
Iba't Ibang Pamamaraan ng
Pangingisda sa Baybay-Dagat**

**I.R. SMITH
D. PAULY**

Translated from English
by Jose Ma. F. Bartolome

1985

This publication is a translation of Smith, I.R.
and D. Pauly. 1983. Resolving multigear
competition in nearshore fisheries.
ICLARM Newsletter 6(4): 11-18.

Published by the Institute of Fisheries Development
and Research, College of Fisheries, University of the
Philippines in the Visayas, Diliman, Quezon City
and the International Center for Living Aquatic
Resources Management, Manila, Philippines.

Smith, I.R. and D. Pauly. 1983. Paglutas ng tunggalian ng iba't ibang
pamamaraan ng pangingisda sa baybay-dagat. ICLARM Transla-
tions 6, 6 p. Jose Ma. F. Bartolome, translator. 1985. Institute
of Fisheries Development and Research, College of Fisheries,
University of the Philippines in the Visayas, Diliman, Quezon
City and International Center for Living Aquatic Resources
Management, Manila, Philippines.

ISSN 0115-4141
ISBN 971-1022-16-8


ICLARM Contribution No. 243

Library



1000013382

Maliitang Pangangisda sa San Miguel Bay, Pilipinas


**Paglutas ng Tunggalian ng
Iba't Ibang Pamamaraan ng
Pangangisda sa Baybay-Dagat**

**Isinalin sa Tagalog
ni Jose Ma. F. Bartolome**

**A translation of Smith, I.R. and D. Pauly. 1983.
Resolving multigear competition in nearshore fisheries.
ICLARM Newsletter 6(4): 11-18**



**INSTITUTE OF FISHERIES DEVELOPMENT AND RESEARCH (IFDR)
COLLEGE OF FISHERIES, UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES IN THE VISAYAS (UPV)
DILIMAN, QUEZON CITY, PHILIPPINES**



**INTERNATIONAL CENTER FOR LIVING AQUATIC RESOURCES MANAGEMENT (ICLARM)
MANILA, PHILIPPINES**

SH
207
TR 7
#6
C. 2

MAY 17 '85

Paunang Salita

Ang proyektong “Maliitang Pangingsda sa San Miguel Bay: Isang Malawakang Pagsusuri” ay isang pananaliksik na isinagawa ng Surian ng Pagpapaunlad at Pananaliksik sa Pangingsda (*Institute of Fisheries Development and Research—IFDR*) ng Kolehiyo ng Pangingsda, Pamantasan ng Pilipinas sa Kabisayaan at ng Internasyunal na Sentro sa Pamamahala ng Nabubuhay na Kayamanang Tubig (*International Center for Living Aquatic Resources Management—ICLARM*).

Ang San Miguel Bay, isang malawak nguni't mababaw na wawa sa Kabikulan, ay pinanggagalingan ng malaking huli ng mga isda, hipon, alimango at iba pa. Noong 1970, ang *Bicol River Basin Development Project (BRBDP)*, na may layuning mag-sagawa ng pinagsamang programa sa pagpapaunlad ng Kabikulan, ay natawag ang pansin sa potensyal na maidudulot kung isasama ang mga komunidad ng mangingsda sa kanilang pagpapalano. Layunin ng proyekto ng *IFDR-ICLARM* ang magkaroon ng batayang kaalaman tungkol sa biyolohikal at sosyo-ekonomikong aspeto na pangingsda na may kahalagahan sa pagbubuo ng plano sa pagpapaunlad ng Kabikulan.

Bahagi ng pondo ng pinagsamang proyekto ng *IFDR-ICLARM* na ito ay nagbuhat sa *United Nations University (UNU)* at *Philippine Council for Agriculture and Resources Research and Development (PCARRD)*. Ang Surian ay may malalim na interes sa mga malawakang pananaliksik na may kinalaman sa mga problema ng pamamahala sa pangisdaan sa Pilipinas at sa mga alternatibong pamamaraan ng pamamagitan o interbensyon sa ikabubuti ng maliitan o munisipal na pangingsda.

Ang teknikal na ulat na isinulat nina Dr. Ian R. Smith at Dr. Daniel Pauly na tumatalakay sa tunggalian ng iba't ibang pamamaraan ng pangingsda sa baybay-dagat ay tunay na makatutulong sa higit na pag-unawa sa maliitang pangingsda sa San Miguel Bay at gayundin sa iba pang mahalagang pangisdaan sa Pilipinas.

FLORIAN M. OREJANA
Direktor, IFDR



Paglutas ng Tunggalian ng Iba't Ibang Pamamaraan ng Pangingsda sa Baybay-Dagat

IAN R. SMITH
at
DANIEL PAULY
ICLARM

makalumang panghuli ng isda tulad ng diyakos at bubo, at mangilan-ngilang makilos na uri ng panghuli, kabilang na ang apat na utaseng Hapon (*Japanese beam trawlers*). Sa loob ng apat na dekada, lumakas ang pangingsda sa lugar na ito. Isang dahilan ay ang pagkakaroon ng motor ng karamihan sa mga bangkang di-panggaladgad at ang 2% taunang pagdami ng mga mangingsda. Gayunpaman, ang pangunahing sanhi nito ay ang pagdami ng mga *trawl*. Sa ngayon halos 100 maliliit na galadgad ang namamalakaya sa Bay.

Nitong mga nakaraang dekada, kapisin-pansin ang pag-iging ng kumpetisyon sa pangingsda sa mga baybay-dagat sa tropiko. Ang mga lugar na dati-rati'y pinangingsdaan lamang ng mga maliliit na mangingsdang gumagamit ng mga subok nang pamamaraan tulad ng kawil, bubo at pante, ay ngayon pinasok na ng mga makabagong gamit sa pangingsda. Ang kumpetisyon para sa mga limitadong lugar na ito ay pinakamaigting doon sa mga baybay-dagat na mayaman sa hipon at puwedeng pangisdaan ng mga *trawl* o galadgad.

Isa sa mga naturang pangisdaan ay ang San Miguel Bay sa Kabikulan (Larawan Blg. 1). Ito ay malawak nguni't mababaw na wawa, na lalong bumabaw sa paglipas ng panahon. Hanggang noong ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga mangingsda rito ay gumagamit pa ng mga



Larawan Blg. 1. *Kaliwa*: Ipinapakita ang katangian ng ilalim ng dagat at mga bayan sa paligid ng San Miguel Bay. Ang tubig munisipal ay may tabing. Ang gitnang bahagi ng Bay ay nasa ilalim ng pamamahala ng pamahalaang nasyonal na awtoridad sa pangingsda. *Kanan*: Ang bahaging hindi bawal ang *trawl* ay pinalala ng unti-unting pagbabaw ng Bay na siyang dahilan kung bakit karamihan sa mga lugar para sa mga galadgad ay nasa labas ng tubig munisipal.

Ang tinaguriang "baby" trawlers ay tumitimbang mula dalawa hanggang limang kabuuang tonelada o *gross tons* (GT), at ang karamihan ay nakarehistro bilang mga "municipal" na bangkang pangisda. Dahil dito, sila'y tinuturing na *small-scale* o nasa kategoriyang maliitang pangingsda sa ilalim ng umiiral na batas ng Pilipinas. Sa teknikal na pag-uusap, ang kategoriyang "munisipal na pangingsda" ay para lamang sa mga bangkang hindi hihigit sa tatlong kabuuang tonelada ang bigat. Ang mga bangkang mas mabigat sa tatlong kabuuang tonelada ay napapasaloob na sa "komersyal na pangingsda" at hindi maaaring mamalakaya sa loob ng 7 kilometro mula sa dalampasigan sa maraming lugar sa bansa, kabilang na ang Bicol na kung saan naroroon ang San Miguel Bay. Ayon sa batas, ang mga "baby" trawlers ay maaaring mangisda sa mga tubig na mas malalim sa apat na dipa (7.3 metro) at ito ay kinakailangang may pahintulot mula sa munisipyo. Kung hindi, sila ay maaari lamang mamalakaya sa mga tubig na mas malalim sa pitong dipa (12.8 metro).

Halimbawang isama ang mga "baby" trawlers na may 100-125 hp (*horsepower*) na makinang diesel sa kategoriya ng mga bangkang walang motor na ginagamit sa pamamante, tiyak na matatakpan ang pangunahing pagkakaiba ng dalawang uri ng gamit-pangisda na ito. Magiging napakahirap din, kung hindi man magiging imposible ang pagkontrol sa *trawl*. Subali't, kung walang pagpapatupad ng batas, ang mga galadgad ay malayang namamalakaya sa anumang bahagi ng Bay.

Ang makasaysayang pagsidhi ng pangingsda sa Bay ay nagbunga ng kalagayang may mga sumusunod na katangian:

- lubos na pakinabang sa kabuhayang dagat;
- lumiit na kita sa pangingsda pati na ang pagkalugi ng mga maliliit na mangingsda;
- malaking agwat ng tubo ng mga galadgad kung ihahambing sa mga maliliit na mangingsda;
- paglikas ng mga mangingsda patungo sa ibang pook upang humanap ng mga mabuting pagkaka-kitaan.

Dahil sa mga petisyon ng iba't ibang grupo ng mangingsda na ipinaabot sa pambansang awtoridad ay nagkaroon ng

isang *Presidential Decree* noong 1982 na nagbabawal sa lahat ng malalaking komersyal na *trawler* (yaong mga nakarehistro na higit sa tatlong kabuuang tonelada) sa Bay. Kaunti lamang ang naapektuhan nito; patuloy pa rin ang reklamo ng mga mangingsda laban sa mga "baby" *trawl* tulad ng nalalathala sa isang lokal na pahayagan, ang *Balalong*. Mahigpit ang pagbatikos ng mga maliliit na mangingsda laban sa kinagawiang pagpaparehistro ng mga *trawl* na mas mabigat sa tatlong kabuuang tonelada bilang munisipal na bangka. Sila ay nagbanta na sila mismo "ang magpapatupad ng naturang pagbabawal kahit na umabot sa karahasan" (*Balalong*, Hunyo 3, 1983).

Ang Pananaliksik

Ang Surian ng Pagpapaulad at Pananaliksik sa Pangingsda (*IFDR*) ng Unibersidad ng Pilipinas at ang *ICLARM* ay nagsagawa ng tatlong taong puspusan at malawakang proyekto ng pananaliksik sa San Miguel Bay. Ang layunin ng proyektong ito ay malaman ang kalagayan ng pangisdaan at ng mga komunidad upang maisama ang Bay at ang mga komunidad sa paligid nito sa pagpapalano sa *Bicol River Basin Development Program (BDBRP)* (tingnan sa *ICLARM Newsletter*, Abril 1980, pahina 14-16).

May tatlong bahagi ang pananaliksik: biyolohiya (o ang kalagayan ng mga nabubuhay sa dagat), ekonomiya (o kabuhayan ng mga komunidad) at sosyolohiya (o ang kalagayang panlipunan). Ang mga napag-alaman sa pananaliksik na ito ay naiulat na, karamihan ay bahagi ng limang teknikal na report na magkasamang inilathala ng *IFDR* at *ICLARM*. Bahagi ng pondo ng proyektong ito ay mula sa *United Nations University (UNU)* at *Philippine Council for Agriculture and Resources Research and Development (PCARRD)*. Maliban sa pag-aaral at pagdokumento ng kasalukuyang biyolohikal at sosyolohikal na kalagayan, sinuri rin ng proyekto ang sari-saring pamamaraan ng pamamahala sa pangingsda sa San Miguel Bay.

Mga Resulta

Sa biyolohikal na bahagi ng proyekto, tinantiya ang lakas ng pagsisikap ng pamamalakaya (*fishing effort*) at nahuhuli bawat pamamalakaya sa lahat ng uri ng panghuli ng isda. Nagkaroon ng maaa-

sahang kalkulasyon ng dami at uri ng mga isdang nahuhuli. Napag-alaman na ang huli sa Bay ay tatlo hanggang apat na beses na mas mataas kaysa sa mga naiulat sa opisyal na estadistika. Sa kasalukuyan, ang huli sa Bay ay umaabot sa 15,000 tonelada bawat taon (bukod pa sa 4,000 tonelada ng *balao*, isang uri ng maliliit na hipon). Mahigit sa 60% nito ay huli ng may 5,100 na maliliit na mangingsda at ang nalalabi ay sa 95 *trawler* na sari-saring laki (Talaan Blg. 1). May maigting na kumpetisyong namamagitan sa iba't ibang uri ng panghuling ginagamit. Upang magkaroon ng mga paghahambing, ginamit ang mga datos na nakuha ng iba't ibang bangkang pananaliksik at pati na ang sa mga komersyal na *trawl* (Larawan Blg. 2). Ang mga resultang ito ay nagpakita ng malakihang pagtaas ng epektibong pamamalakaya (*effective effort*) at pagbaba ng maaaring mahuli sa *trawl* (*trawling biomass*). Ang larawang ito ay umaayon sa kabuuang huli na hindi na tumataas. Ang patuloy na maraming huli sa Bay ay maaaring dahil sa ang malalaki ngun't mabagal na mapalitang uri ng isda ay nahahalinhan ng mga maliliit ngun't mabilis na mapalitang uri. Ang mga detalyadong pag-aaral sa imbak (*stock*) ng isda sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraang matematika (*mathematical models*) ay nagpapahiwatig na labis na ang pangingsda sa Bay. Kahit na pag-ibayuhin pa ang pamamalakaya, *trawl* man o hindi, hindi na tataas ang kabuuang huli sa San Miguel Bay.

Ang ekonomikong pagsusuri ay nagpakita ng matinding kumpetisyon at hindi pantay na pagkakabahagi ng pakinabang mula sa Bay. Ang maliliit na *trawlers*, na kumakatawan sa 3% lamang ng mga pangkat pangisda at nagbibigay ng kabuhayan sa 7% ng kabuuan ng mga mangingsda sa Bay, ay siyang may pinakamalaking bahagi na kita at 50% ng lahat ng tubo na nakukuha sa pangingsda (Talaan Blg. 2).

Ang ibig naming sabihin sa tubo (*profitability*) ay ang kita matapos bawasin ang lahat ng gastos kasama na ang sapat na pagbalik ng kapital.

Ang buwis ng pamahalaan mula sa gasolina at sa mga nagbebenta nito (pati na ang sa nagpoproseso ng isda) ay nakababawas rin sa kita ng mga mangingsda. Gayunpaman, nakalalamang ang mga galadgad (na gumagamit ng *diesel*) kaysa sa mga maliliit na bangka (na gumagamit

Talaan Blg. 1. Taunang huli (tonelada) ng pangingsidang *trawl* at hindi *trawl* sa San Miguel Bay, 1980-1981, ayon sa tantiya ng mga mananaliksik.

| Grupo | Pangalan sa Bikol | Huli (tonelada) | |
|------------------------------------|-----------------------------|-----------------|--------------------|
| | | <i>Trawl</i> | Hindi <i>trawl</i> |
| Sharks and rays | <i>Pating, pagi</i> | 36 | 9 |
| <i>Stolephorus</i> spp. | <i>Dilis</i> | 1,369 | 731 |
| <i>Sardinella</i> spp. | <i>Piyak</i> | 201 | 594 |
| <i>Arius thalassinus</i> | <i>Ponicon</i> | 6 | 38 |
| Mugilidae | <i>Tabudyos, banak</i> | 330 | 860 |
| <i>Otolithes ruber</i> | <i>Abo</i> | 409 | 1,595 |
| Other Sciaenidae | <i>Arakaak</i> | 313 | 1,155 |
| Pomadasyidae | <i>Aguot, tabal-tabal</i> | 21 | 13 |
| Carangidae | <i>Talakitok, malapondo</i> | 57 | 212 |
| Leiognathidae | <i>Sapsap, dalupani</i> | 38 | 74 |
| Trichiuridae | <i>Langkoy, liwit</i> | 254 | 70 |
| <i>Scomberomorus commersoni</i> | <i>Tangigi</i> | 28 | 47 |
| Miscellaneous species | | 3,018 | 1,388 |
| Squids | <i>Pusit</i> | 235 | 15 |
| Crabs | <i>Alimasag</i> | 120 | 380 |
| Penaeid shrimps | <i>Hipon</i> | 461 | 583 |
| Sergestid shrimps | <i>Balao</i> | 0 | 4,473 ^a |
| Total catch (excluding sergestids) | | 6,896 | 7,764 |
| Total catch (including sergestids) | | 6,896 | 12,237 |


^a Ang *balao* ay hinuhuli ng mga *mini trawlers*, isang uri ng maliitang gamit-pangisda na ibang-iba sa antas ng pangangapital at tubo sa mas malalaking "*baby*" *trawlers*.

na umaabot ng 2,300, ay nababahagi sa humigit-kumulang na 2,000 pamilya. Naihayag din ng pagsisiyasat na walang gaanong ibang makuha kabuhatan sa kapaligiran ng San Miguel Bay kaya naman mababa ang pasahod, sa pangingsida man o hindi. Ito na rin ang dahilan sa kapansin-pansin na pangigibang pook ng mga taga-Bikol. Subali't hindi sapat na mahadlangan ng pangigibang pook na ito ang paglaki ng populasyon.

Batay sa lahat ng pananaw sa San Miguel Bay, kasama na ang sa mga mangingisda mismo, iisa ang konklusyon: lubhang kailangan ng pamamahala sa Bay. Ang lumalaking problema ng labis na pangingsida at ang hindi-pantay na pagkaka-bahagi ng pakinabang ay magagawan ng paraan kung magkakaroon ng mga hakbang upang limitahan ang pamamalakaya. Ang patuloy na mga programa sa pagpapautang sa mga maliliit na mangingisda ay malabong makalutas sa mga problema kung hindi makokontrol ang mga *trawl*. Gayunpaman, dahil sa paglaki ng mga komunidad ng mangingisda, at pati na ang inaasahang pagdami ng maliliit na mangi-

ng regular na gasolina) dahil noong isinasagawa ang pag-aaral na ito ang P2.54/litro* na buwis sa regular na gasolina ay tinatayang mga limang beses na mas mataas kaysa sa buwis sa *diesel*. Kung ang mga *trawler* ay nagbayad ng buwis na tulad ng ibinabayad ng ibang bangka, nalugi sana sila noong 1980-81. Naipakita rito na ang komersyal na pangingsida ay, kadalasan, tumatanggap ng tuwiran o hindi tuwirang tulong (o *subsidy*), samantalang ang mga maliliit ay wala. Ayon sa pamahalaan, ang maliit na buwis sa *diesel* ay nagbibigay ng magandang kondisyon para sa industriyalisasyon ng ekonomiya sa kabuuan. Subali't ito ay nagbigay ng negatibong epekto sa maliitan at hindi galadgad na pangingsidang munisipal. Dagdag pa na problema ang inaasahang paglaki ng grupo ng mga *trawl* habang ang karaniwang yunit ng *trawl* ay patuloy na kumikita, tulad noong 1980-81.

Ipinakita ng sosyolohikal na pagsusuri na ang pagmamay-ari at kita ng mga maliliit na *trawl* ay nasa iilang kamay lamang: lilimang pamilya ang nagmamay-ari ng 50% ng mga *trawl*. Sa kabilang dako naman, ang mga bangkang hindi galadgad



Larawan Blg. 2. Ang ebolusyon ng kakayahan (*horsepower*) at laki ng imbak (*stock*) at dami ng maaaring mahuli sa galadgad (*trawling biomass*) mula 1936 hanggang 1981 (sari-sari ang pinagmulan).

*Ang palitan noong 1980 ay P8.50 = US\$1.00.

ngisda, ang mga binabalak na pagkontrol sa pamamalakaya sa Bay ay magiging pansamantala lamang. Panandalian o pangmatagalan man, ang pamamahala sa pangingsda sa San Miguel Bay ay kinakailangan.

Mga Pamamaraan ng Pamamahala

Kung lilimitahan ang pamamalakaya sa San Miguel Bay, hindi lahat mapagbibigyan. Anumang interbensyon o pamamagitan ng mamamahala at ang muling pagbabahagi ng mga karapatan sa pangingsda ay tiyak na magiging politikal sa-pagka't ang mamamahala ay gagawa ng mas makatarungang pagbabahagi ng kasalukuyan at darating pang kita mula sa pangingsda sa Bay. Inaasahan ang pag-

tutul ng mga grupong lubhang mababawasan ang kita.

Dahil maselan ang bagay na ito, pinag-aralan ng pangkat na nanaliksik ang malawak na hanay ng mga pamamaraan ng pamamahala. Kasama rito ang maraming pamamaraan, pati na ang kanya-kanyang kabutihan at hindi kanais-nais na kata-ngian (Talaan Blg. 3). Ang anumang hak-bang na gagawin sa pamamahala ay nakasalalay sa napagpasyahan nang layunin ng pamamahala. Kung ang pangunahing la-yunin ay ang pagpapanatili o pagpapataas sa kita ng karamihan sa mga mangingsda sa Bay, at hindi ang pagpapalakas ng pina-kamabisa (o pinakamalaking kita) na pang-huli ng isda, kailangang magkaroon ng li-mitasyon sa mga maliliit na *trawl*.

Bagama't maraming klase ng inter-bensyon ng pamamahala ang pinag-aralan, karamihan sa mga ito ay hindi maaaring ipatupad sa lugar na tulad ng San Miguel Bay na kung saan sari-sari ang isda at ganoon din ang uri ng mga panghuli. Halimbawa, ang pagtatakda ng *quota* o hangganan ng huli, sa grupo o sa indibidwal, pagpataw ng buwis, pagkaroon ng pana-panahong pagsara ng pangisdaan at pagkontrol sa presyo ay lahat na nakitang hindi praktikal. Ang paghihigpit sa laki ng mata ng lambat ay maaaring maging makabuluhan sa pangmadaliang panahon, nguni't ito ay napakahirap ipatupad at dahil sa iisang bahagi lamang ng pangingsda ang nako-kontrol, hindi ito ang pangmatagalang

Talaan Blg. 2. Nilagom na datos hinggil sa San Miguel Bay (1980-1981). Noong panahon ng pag-aaral, ang US\$1.00 = ₱8.50.

| Katangian | Maliitang pangingsda | | Maliit at katamtamang ("baby") trawls | Kabuuang para sa pangisdaan sa San Miguel Bay (lahat ng gamit-pangisda) |
|--|--------------------------|------------|---------------------------------------|---|
| | Hindi trawl | Mini trawl | | |
| Bilang ng gamit-pangisda | 2,100 | 188 | 95 | 2,382 |
| Kabuuang horsepower | 2,592 | 3,008 | 13,200 | 18,800 |
| Bilang ng mangingsda | 4,625 | 376 | 600 | 5,600 sa 3,500 na pamamahay |
| Bilang ng pamamahay na nagmamay-ari ng gamit-pangisda | ≈1,880 | ≈ 150 | 35 | 2,065 |
| Kadalasang halaga ng imbesment bawat isang yunit ng gamit-pangisda (₱) | 250-13,000 | 9,200 | 55-70,000 | mahigit sa 15 milyon, kasalukuyang halaga ng pagpalit ng gamit |
| Porsyento ng kabuuang huli kasama ang hipong <i>sergestid</i> | 44 | 25 | 31 | 19,133 tonelada |
| hindi kasama ang hipong <i>sergestid</i> | 59 | - | 41 | 14,660 tonelada |
| Porsyento ng kabuuang halaga kasama ang hipong <i>sergestid</i> | 44 | 14 | 42 | ₱53.5 milyon |
| hindi kasama ang hipong <i>sergestid</i> | 52 | - | 48 | ₱46.2 milyon |
| Porsyento ng purong tubo (<i>resource rents</i>) ^a | | | | |
| kasama ang hipong <i>sergestid</i> | 15 ^b | 35 | 50 ^k | ₱3 milyon |
| hindi kasama ang hipong <i>sergestid</i> | 23 | - | 77 | ₱1.6 milyon |
| Kita ng tauhan/buwan (₱) | 164-218 | 342 | 339-810 ^d | - |
| Kita ng may-ari (hindi nangi-ngisda)/buwan (₱) | (-773) ^e -740 | 432 | 146 ^g -1,693 | - |

^aHindi kasama ang *resource rent* na kinita ng pamahalaan at ng mga nagsu-supply/nagpoproseso ng krudo at gasolina.

^bKalahati nito ay kinita ng mga baklad; 40% ng mga namamanteng may bangkang de-motor.

^kMaliliit na *trawlers* lamang; ang mga katamtamang *trawler* ay hindi nagsama sa kanilang *opportunity costs*.

^dAng pinakamatataas na kita ay napupunta sa mga piloto ng maliliit na *trawlers*.

^eAng mga may-ari ng bintol ay nalugi.

^gAng pinakamabababa na kita ay napunta sa mga may-ari ng katamtamang *trawlers*.

Talaan Big. 3. Mga alternatibong layunin sa pamamahala ng San Miguel Bay at ang mga kinakailangang alternatibong interbensyon para sa bawat layunin.

| Mga layunin | Mga interbensyon |
|--|--|
| A. Mga layuning may kinalaman sa produksyon | |
| ● Lubusin ang maaaring hulihin | Maaaring makamit sa kasalukuyang kalagayan, ngunit kailangang panatilihin ang isang hangganan ng pagsisikap o kontrolin ang laki ng unang huli (hal. lakihan ang sukat ng pina-kamaliit na mata ng lambat) upang maiwasan ang tuluyang pagbaba ng maaaring mahuli ng galadged at mga darating na pagbabago ng mga kabuhayang dagat. |
| ● Lubusin ang ekonomikong kahusayan sa pangingsda (hal. <i>resource rents</i>) | Hikayatin ang mga pagbabago upang bumaba ang gastos sa pangingsda; bawasan ang pangi-ngisda. Maraming partikular na interbensyon ang maaaring isaalang-alang. Ang detalyadong pagtalakay ng iba't ibang maaaring gawin ay makikita sa <i>ICLARM Technical Reports 11</i> . |
| ● Lubusin ang oportunidad sa mga mangingsda | Higpitan o bawasan ang mga uri ng pangingsdang malaki ang kapital ngunit kakaunti ang tauhan; lakihan ang mata ng lambat; pahintulutan ang patuloy na pagpasok ng mga mangi-ngisdang hindi gumagamit ng <i>trawl</i> . |
| ● Lumikha ng kalagayang makabubuti sa pantay-pantay na pagbabahagi ng kita | |
| (a) sa pagitan ng paggawa (empleyado o tauhan) at kapital (may-ari); at | (a) Hindi kinakailangan ng interbensyon sa kasalukuyang sistema ng pagbabahagi ng kita dahil nakikitang natutugunan na ng mga kasalukuyang kalakaran; maaaring taasan ang parte ng paggawa sa pamamagitan ng pagtaas ng halaga ng oportunidad sa paggawa; hikayatin ang pangingsdang may-ari-opereytor at ihinto ang maramihang pag-ari. |
| (b) sa pagitan ng mga magka-kumpe- tensyang uri ng pangingsda | (b) Higpitan o bawasan ang ilang uri ng pangingsda, lalo na ang maliliit na <i>trawl</i> ; magka-roon ng pantay-pantay na buwis sa mga kagamitan sa pangingsda, lalo na sa gasolina at krudo. |
| ● Iwasan ang mga alitan sa pagitan ng sektor ng <i>trawl</i> at sektor ng hindi <i>trawl</i> | Ipatupad ang mga umiiral na batas; baguhin ang ibig sabihin ng "munisipal" na pangingsda upang hindi maisali ang maliliit na <i>trawlers</i> at bawasan ang dami ng maliliit na <i>trawlers</i> o lugar na kanilang maaaring pangisdaan, o tuluyan nang ipagbawal; maglagay ng mga balakid sa pangangaladgad sa mga lugar na ipinagbabawal ito. |
| ● Tiyakin o igarantiya na hindi bababa sa hangganan ng karukhaan ang kita ng mga pamilya ng mangingsda | Hindi posible ang anumang garantiya dahil sa umiiral na napakababang kita sa kabuuan ng Kabikulan; ang pangmatagalang paglaki ng kita ng mga pamamahay ay maaari lamang sa pamamagitan ng mga sumusunod (a) limitahan ang pagpasok upang ang mananatili ay makikinabang, (b) alternatibo o dagdag na pagkakakitaan; ang pangmadalian ay maaaring matupad sa pamamagitan ng tulong sa mga gastos-pangingsda o pagbabawas ng buwis sa mga gastos na ito (hal. buwis sa gasolina) na ginagamit ng mga mangingsdang hindi gumagamit ng <i>trawl</i> , at (k) mga programang pang-edukasyon o pagsasanay na magdadagdag sa kakayahan o pagiging makilos ng mga pamilya ng mangingsda. |
| ● Pababain nang lubos ang pinsalang pangka- paligirang likha ng mga ginagawa sa Bay at sa paligid nito | Ang pagbuhos ng lupa (<i>siltation</i>), bagamat lumilikha ng unti-unting pagbabaw at pagliit ng Bay, ay nakapagdudulot rin ng mga <i>nutrients</i> o pataba sa kabuhayang dagat na maaaring makatulong sa pangisdaan; itigil ang pagsisira ng mga bakawan o latian para sa ibang gamit (hal. palaisdaan). |
| ● Lubusin ang pakinabang ng pamahalaan mula sa pangingsda | Taasan ang halaga ng mga munisipal na lisensya, mga buwis sa gastos sa pangingsda, sa huli at/o sa kita upang malubos ang upa sa kayamanang likas para sa pamahalaan (munisipal, panlalawigan, panrehiyon o nasyonal). |
| ● Lubusin ang produksyon ng mga maa- ring ilabas na produkto upang kumita ng dolyar | Hindi kinakailangan ng interbensyon; ang kasalukuyang kondisyon (hal. pagbuhos ng lupa, pangingsda sa mga kumakain ng ibang kabuhayang dagat at pangangaladgad) ay pabor sa produksyon ng hipon. |
| B. Mga layuning may kinalaman sa mga gastos sa pangingsda at sa sektor ng pagbebenta | |
| ● Paunlarin ang teknikal at pampinansyang kakayahan ng <i>supply</i> ng kagamitan sa pangingsda, ng mga sektor sa pag- poproseso at pagbebenta | Maraming paraan ng interbensyon ang posible: hikayatin ang paggamit ng mga <i>standard</i> na timbangan at sukatan, paunlarin ang daloy ng impormasyon tungkol sa presyo mula sa mga lokal na palengke patungo sa mga bagsakan ng isda maliban doon sa mga daluyang kontro- lado ng mga bakulera, paunlarin ang mga pasilidad sa bagsakan, mas mahusay na pamama- raan ng pagkarga at pagproseso ng mga isda, mas mahusay na <i>supply</i> ng gasolina at krudo (pati na ang sama-samang pagbili upang maiwasan ang mga kasalukuyang nagbebenta) at pagkakaroon ng mga kalsada patungo sa palengke mula sa mga liblib na pook. |
| ● Damihan ang mga oportunidad sa komu- nidad na makapagtrabaho sa mga sektor ng <i>supply</i> ng kagamitan, pag- poproseso, at pagbebenta | Damihan at idesentralisa ang mga lugar sa pagpoproseso; magbigay ng mga pautang sa mga maliliit na negosyanteng nagpoproseso ng isda; hikayating ang mga pang-komunidad na organisasyon na magtaguyod ng pagpoproseso at pagbebenta at iorganisa ang angkop na grupo (ang mga kababaihan) upang magsagawa ng mga ito. |

K. Mga layuning may kinalaman sa ekonomiyang panrehiyon

- Maglaan ng mga kaaya-ayang alternatibong pagkakakitaan . . . upang mabawasan ang palagiang pag-asa sa pangingsida
- Panatilihin ang sosyo-politikal na katatagan ng mga komunidad ng mangingsida sa paligid ng San Miguel Bay

Nangangailangan ng pangkalahatang ekonomikong pag-unlad at dibersipikasyon sa Kabilugan upang tumaas ang kasalukuyang mababang pasahod at kapital; reporma sa lupa, maging sa palayan man o hindi; paghihikayat sa imbesment upang madesentralisa ang pag-unlad na nakabase sa Maynila; pagpapatatag ng mga lokal at rehiyonal na institusyon at pagbibigay ng awtoridad sa kanila. Maaaring magbabuyan o magtayo ng mga *cottage industry* sa mga komunidad ng mangingsida.

Magkaroon ng mga oportunidad sa trabaho upang mabawasan ang paglisan sa komunidad patungo sa kalunsuran. Higgitan o bawasan ang ilang uri ng pangingsida na nakikita ng karamihan sa mga mangingsida na laban sa kanilang kapakanan; maaaring patatagin ang pananatili ng militar upang mapangalagaan ang "*peace and order*" (kapayapaan at kaayusan) o 'di kaya'y magtatag ng mga institusyon sa pamamahala na bukas sa pakikibahagi ng mga mangingsida sa pagpasya ukol sa paggamit at pagbabahagi ng mga pakinabang ng likas na kayamanan.

solusyon sa mga problema ng Bay. At ang pantay na buwis sa *diesel* at gasolina ay nakitang hindi rin praktikal dahil sa mas malawak na layunin ng pamahalaan na sumasaklaw sa iba't ibang sektor.

Sa kasalukuyan, napakaliit ng bayad sa lisensya ng mga *trawler*. Maaaring taasan ang bayad sa lisensya nila o di kaya'y isubasta ang limitadong bilang ng lisensya. Ang hakbang na ito, kung isasabay sa mahigpit na pagpapatupad sa mga umiiral na pagbabawal (sa *trawl*) sa ilang mababaw at malalapit sa baybayin na lugar, ay marahil siya nang pinakamabisang paraan upang malimitahan ang mga *trawl*. Ang dagdag na kita mula sa mas mataas na bayad sa lisensya ay maaaring gamitin ng mga awtoridad para sa mga proyektong pagkakakitaan ng mga komunidad sa paligid ng Bay. May ebidensya na kayang punan ng maliliit na mangingsida ang anumang lugar na mababakante ng *trawl* at dahil dito tataas ang kita ng mga maliliit na mangingsida kahit na sa pangmadalian lamang.

Kailangang tingnan ang mas malawak na lipunan—ang nasa labas ng sektor ng mangingsida—upang makita ang mga pangmatagalang solusyon na kailangang tumugon sa lumalaking populasyon na siyang tuwirang dahilan ng pagdami ng maliliit na mangingsida.

Ang isang malaking problema ng pamamahala sa Bay ay ang di-malinaw na hangganan ng kapangyarihan ng lokal at nasyonal na awtoridad at lehislyon. Nagkaroon ng kaguluhan sa kung "sino" ang magkokontrol ng "ano". Magiging

mahusay na unang hakbang kung kiki-lalanin na ang mga maliliit na *trawl* ay hindi dapat isama sa kategoriya ng mga maliliit na bangkang hindi galadgad at pagkatapos *kontrolin* ang pamamalakaya nila.

Magkasamang Pamamahala

Gayunpaman, higit pa rito ang kailangan upang matiyak ang tagumpay ng anumang hakbang pamahalaan ang pangingsida sa San Miguel Bay. Kung ang mga mangingsida mismo ay hindi magiging bahagi ng pagpapalano o pagpapatupad ng pamamahala sa pangingsida, tiyak na ang magiging kalakaran ay ang paglusot sa mga batas at regulasyon. Lubos na mahalaga dito sa pangingsida, at kahit saan pa man, na magkaroon ng magkasamang pamamahala ang mga mangingsida at ang mga lokal at nasyonal na opisyal na may kinalaman sa pangisdaan. Ang iminumungkahi ng pangkat na nagsiyasat ay ang pagbuo ng isang *San Miguel Bay Fisheries Authority*.

Ang naturang *Authority* ay may katungkulan na magtakda ng mga layunin sa pamamahala para sa buong Bay, magkolekta ng lahat ng kinakailangang importasyon para sa mga hakbangin ng pamamahala, maging ang implementasyon, pagsubaybay at pagpapatupad ng mga ito.

Ang mga maliliit na mangingsida at pati na ang mga opereytor ng *trawl* ay nararapat na maging bahagi sa pagbuo ng mga desisyon ng *Authority* kung ninanais na matugunan ang dalawang problema ng labis na pangingsida at hindi pantay na pagkakabahagi ng kapakinabangan na siyang umiiral sa San Miguel Bay.

Ang hindi pakikibahagi ng mga mangingsida ay tiyak na makasisira sa anumang plano ng pamamahala; kung tutuusin, ang kaunting hakbang ng pagpapasya at pagpapatupad na nagmumula sa mismong pook ay higit na may pag-asa para sa matagumpay na pamamahala sa pangisdaan kaysa sa mga hakbang ng pangangasiwa na binuo sa taas—sa antas ng pambansang awtoridad.

Ang Mas Malawak na Problema

Ang pangkalahatang katangian ng San Miguel Bay na natutunan ng pangkat na nanaliksik ay totoo rin sa karamihan ng iba pang pangisdaan sa buong Pilipinas, sa maraming bansa sa Timog Silangan, at nahahawig sa kalagayan ng marami pang hindi maunlad na bansa sa tropiko.

Dahil sa tunggaliang tulad ng sa San Miguel Bay, lamang ay mas malawak, ang Pamahalaan ng Indonesia ay napilitang ipagbawal ang *trawl* sa buong kapuluan ng Indonesia (tingnan ang ICLARM Newsletter, Oktubre 1980, pahina 3). Marami pang tunggaliang tulad nito, na madalas ay marahas, ang naiulat mula sa iba't ibang bahagi ng Indo-Pasipiko. Ang kalagayan ay nagpapahiwatig na sa pangmalalim na pangingsidaan (*demersal*) sa tropiko—dahil sa ang habol dito ay hipon na karaniwa'y nasa baybay-dagat—hindi maiiwasang magkaroon ng tunggalian sa pagitan ng *trawl* at maliliit na mangingsida; ang mga proyekto ng pananaliksik tulad nitong ginawa sa San Miguel Bay ay hindi maipagpapaliban kung nais linawin ang mga isyung lumalabas at balangkasin ang mga posibleng solusyon.

Small-Scale Fisheries of San Miguel Bay, Philippines

**Resolving Multigear Competition
in
Nearshore Fisheries**

(Reprinted from ICLARM Newsletter 6(4): 11-18)



**INSTITUTE OF FISHERIES DEVELOPMENT AND RESEARCH (IFDR)
COLLEGE OF FISHERIES, UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES IN THE VISAYAS (UPV)
DILIMAN, QUEZON CITY, PHILIPPINES**



**INTERNATIONAL CENTER FOR LIVING AQUATIC RESOURCES MANAGEMENT (ICLARM)
MANILA, PHILIPPINES**

Preface


The research project "Small-Scale Fisheries of San Miguel Bay: A Multidisciplinary Analysis" was conducted jointly by the Institute of Fisheries Development and Research (IFDR) of the College of Fisheries, University of the Philippines in the Visayas and the International Center for Living Aquatic Resources Management (ICLARM).

San Miguel Bay, a large shallow estuary located in the Bicol region of the Philippines, yields large catches of fish, shrimp and other crustaceans. In 1970, the Bicol River Basin Development Program (BRBDP), an integrated area development plan, was also interested in the potential of incorporating fishing communities into its planning program. The IFDR-ICLARM research project aimed to provide some of the basic biological and socioeconomic information in fisheries relevant to the formulation of development plans for the Bicol region.

